6-6

Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

**Tanggapan ng Kalihim**
***Office of the Secretary***

JAN 2 8 2009

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 28 , s. 2009

AMBAGAN-WIKA: KUMPERENSIYA SA PAGLIKOM NG SALITA MULA SA IBA'T IBANG WIKA SA FILIPINAS

Sa mga : Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pangulo/Pinuno ng mga Publiko at Pribadong Paaralan

1. Ang UP Sentro ng Wikang Filipino, Filipinas Institute of Translation, at Opisina ng Tsanselor, UP Diliman sa pagtangkilik ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon ay magdaraos ng **Ambagan-Wika: Kumperensiya sa Paglikom ng Salita Mula sa Iba't ibang Wika sa Filipinas** sa Marso 5-6, 2009 sa Pulungang Recto, Bulwagang Rizal, Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman, Lungsod Quezon.

2. Pangunahing layunin ng kumperensiyang ito ang makatas ang mga pangunahing wika sa Filipinas at maipasok sa korpus ng wikang Filipino. Sa pangkalahatan, layunin nitong :

a. kilalanin ang probisyong pangwika ng Konstitusyong 1987, Artikulo VIV, Seksiyon 6 na : Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Filipinas at sa iba pang mga wika ;
b. magpanukala ng isang estratehiya sa pagpapayaman ng wikang Filipino-ang paghalaw mula sa kaban ng bokabularyo ng iba't ibang wika sa Filipinas upang ilahok sa korpus ng wikang pambansa;
c. maitampok ang mga salitang may natatanging kahulugan sa kultura at kasaysayan ng grupong etnolingguwistiko ;
d. mabigyang modelo ang mga gumagamit ng iba't ibang wika sa Filipinas upang sila mismo ay mag-ambag din sa pagpapaunlad ng wikang pambansa; at
e. maipasok sa mga Diksiyonaryong Filipino ang mga ipapanukalang salita.

3. Ang mga guro, punongguro, koordineytor, pansangay at panrehiyong superbisor ng wikang Filipino ang dapat dumalo sa kumperensiyang ito. Maaari ding dumalo ang kaguruan mula sa ibang departamento o disiplina. Ang mga manggagaling sa pampublikong paaralan ay pinahihintulutang dumalo sa **opisyal na oras** lamang.

4. Ang mga dadalo ay magbabayad ng Dalawang Libong Piso (PhP2,000.00) bilang kabayaran sa rehistrasyon para sa conference kit, sertipiko at pagkain.

5. Ipadala ang inyong reserbasyon bago ang Pebrero 14, 2009 kay :

Dr. Galileo S. Zapra
Direktor
UP Sentro ng Wikang Filipino
IMC Compound, A. Ma. Regidor St., Area XI
UP Diliman, Lungsod Quezon, 1101

6. Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnay o tumawag kay Bb. Eilene Narvaez o Gng. Cristy Salvador sa telepono blg.: (02) 426-5838; telefax blg.: (02) 924-4747, o mobile no.: 0920-9144723.

7. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

**RAMON C. BACANI**
Pangalawang Kalihim
Pansamantalang Nanunungkulang Kalihim

Sanggunian: Wala
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa <u>palagiang talatuntunan</u>
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES
CONVENTIONS
Learning Area, FILIPINO
LANGUAGE
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS

Sally: Ambagan-Wika
January 22, 2009